

## **Patakaran sa Pagsasalin ng Wika at mga Serbisyong Tulong sa may Kapansanan sa Pandinig**

Dapat mayroong mga serbisyong tagapagsalin sa kanilang piniling wika at paraan ang mga pasyente/kinatawan ng Seton Medical Center na may limitadong kaalaman sa Ingles, at yaong mga bingi o may kapansanan sa pandinig, sa panahon ng pagbibigay ng mahahalagang serbisyo ng pangangalaga sa kalusugan. Magagamit ang mga serbisyong tagapagsalin ng wika ng lahat ng inpatient at outpatient, at gagamitin kung kailangan kapag nakikipag-ugnayan sa mga pasyenteng nasa labas ng ospital. Ibinibigay nang libre sa pasyente ang lahat ng serbisyong tulong sa wika.

Nagbibigay ng mga serbisyong tagapagsalin sa wika ang Seton Medical Center gamit ang telepono na ibinigay ng Language Line. Magagamit ang mga teleponong dual handset sa panahon ng pagsasalin ng wika upang mapadali ang pag-uusap ng tatlong tao.

Naghahandog din ang Seton Medical Center ng malayuang pagsasalin sa iba't-ibang wika sa online video gamit ang computer tablet, gayun din ang pagsasalin ng wika sa video para sa mga pasyenteng bingi o may kapansanan sa pandinig. Ibinibigay ng Stratus ang mga serbisyong ito. Lumilikha ang online application ng isang sesyon ng audio-video na pagpupulong na may tagapagsalin ng wika na nasa malayo. Nakalaan ang mga pole-mounted na computer tablet sa pagsasalin ng wika sa video para sa paggamit ng in-patient at out-patient at magagamit sa karamihang departamento. Mayroong pole-mounted na computer tablet sa departamento ng PBX na maipagagamit sa mga departamentong walang yunit.

Magagamit ang kagamitang Teletypewriter (Teletypewriter, TTY) ng mga bingi o may kapansanan sa pandinig. Magagamit ang mga pang-komunikasyong board na nabubura ng mga pasyente/bisita na may kapansanan sa pandinig at ang piniling paraan ng komunikasyon ay sa pamamagitan ng pagsulat, at maaari ding ipagamit sa mga pasyente/bisitang may kapansanan sa komunikasyon. Maaaring lubusang disimpektahin ang mga board at ang mga ito ay solong gamit lamang na hindi maaaring ipahiram sa kapwa pasyente. Maaari ding dalhin ng mga pasyente ang mga ito sa pag-discharge; kung hindi, itatapon na ang mga ito. Mayroong metal at nilagyan ng mga magnet ang mga board, at hindi dapat dalhin sa MRI scanner.

Magagamit ang wika at pagsasalin ng wika para sa bingi o may kapansanan sa pandinig on-site (saan ka man) kapag maagang hiniling.

Dapat ipaskil ang mga karatula sa Emergency Department at sa mga lugar ng pagrerehistro ng pasyente upang ipahiwatig na magagamit ang mga serbisyo ng pagsasalin sa wika.

Kabilang, ngunit hindi limitado sa mga uri ng mga pagtatagpo at pamamaraan, na maaaring mangailangan ng pagsasalin ng wika ang:

- Pagpapaliwanag ng mga karapatan at pananagutan ng pasyente,
- Pagkuha ng impormasyon ng pananalapi at seguro,
- Pagkuha ng kaalamang pahintulot,
- Pagpapaliwanag ng paggamit ng pagbubukod o mga pagpigil.
- Pagtalakay ng mga Paunang Direktiba, at
- Pagtalakay ng mga desisyon sa katapusan ng buhay.

Limitado sa mga usapang kaswal ang pagsasalin ng wika ng mga empleyado ng ospital. Para sa pagsasalin ng wika ng mga pagtatagpo at pamamaraan na nakalista sa itaas, kukuha ng mga serbisyong tulong sa wika ang mga empleyado.

Limitado sa mga usapang kaswal ang pagsasalin ng wika ng mga empleyado ng ospital. Maaari lang magsalin ng wika ang pamilya sa mga sitwasyong nakalista sa itaas kapag inabisuhan ang pasyente ng mga magagamit na serbisyo ng pagsasalin ng wika at tumangging gamitin ang mga ito.